

Ikaw ay handa nang bumiyaha.

Sa pamamagitan ng pagpapa-book ng inyong trip sa isang ahensya sa paglalakbay na rehistrado ng TICO, awtomatiko ninyong napoprotektahan ang inyong pamumuhunan sa paglalakbay.

Ang TICO ay isang proteksyon ng mamimili para sa inyong pamumuhunan sa paglalakbay – kapayapaan sa pag-iisip para sa bawa't isa na nagpapa-book ng kanilang trip sa isang ahensya sa paglalakbay na rehistrado ng TICO.

Kahit saan man kayo maglakbay, kung kayo ay namili mula sa isang ahensya sa paglalakbay na rehistrado ng TICO, kumportable kayong nalalaman na ang TICO ay handang tumulong.

Narito kung paano:



Regulasyon

Pinamamahalaan ng TICO ang Industriya sa Paglalakbay ng Ontario.

Sa pamamagitan ng obligadong pagpaparehistro ng lahat ng mga ahensya sa paglalakbay ng Ontario, tinitiyak ng TICO na ang mga ahensya ay umaayon sa Batas para sa Industriya sa Paglalakbay ng Ontario (Ontario Travel Industry Act). At ang ibig sabihin nito ay kailangan nilang sumunod sa batas.

Ang ibig sabihin nito, ang mga bagay katulad ng tamang pagi-invoice at paghahayag, matapat na pag-aanunsyo at tumatalima sa pampinansyal – at may tiwalang panghahawakan ang inyong pera. Tinitingnan din namin na natutugunan nila ang mga pamantayang pang-edukasyonal para sa industriya.



Pagmo-monitor

Mino-monitor at sinisiyasat ng TICO ang mga ahensya sa paglalakbay ng Ontario.

Sinisigurado ng TICO na ang mga ahensya sa paglalakbay na pinagbibilhan mo ay sumusunod sa mga batas para sa proteksyon ng mamimili, ang lahat ay pinagtitibay ng Batas para sa Industriya sa Paglalakbay ng Ontario (Ontario Travel Industry Act). Mino-monitor at sinisiyasat ng TICO ang lahat ng mga ahensya, at dinidisciplina ang mga hindi sumusunod sa mga batas na ito.

Itinataguyod ng TICO ang patas at wastong kompetisyon, sinusuportahan ang Alituntunin ng mga Etika (Code of Ethics) at pinalalakas ang batas at mga pagbabago sa regulatoryo.

At ito ay tunay na madali dahil ang lahat sa mga ahensya ng paglalakbay na namamalakad sa Ontario ay kailangang rehistrado ng TICO. Ito ay batas.



Mga Pagsauli ng Ibinayad

Isinasauli ng TICO ang perang ibinayad ninyo sa mga serbisyong hindi ninyo tinanggap.

Kung kayo ay nagbayad ng mga serbisyo ng paglalakbay mula sa ahensya sa paglalakbay na rehistrado ng TICO at hindi ninyo natanggap ang mga serbisyong ito dahilan sa pagsasara o bankruptcy, ang TICO ay tumutulong.

Kung ang iyong cruise line, airline o kahit na ang ahensya sa paglalakbay ay nagkulang sa pagkakaloob ng mga serbisyo na inyong binayaran, isinasauli ng TICO ang ibinayad hanggang sa \$5,000 sa bawa't tao. Sa partikular na mga pangyayari, kung saan ang mga manlalakbay ay na-stranded, natutulongan din namin silang makauwi.

Ang benepisyong Pondo para sa Kompensasyon ay sakop ng mga probisyon ng Regulasyon ng Ontario 26/05 (Ontario Regulation 26/05).



Mga Reklamo

Ang TICO ay tumutulong sa inyo na makawala habang nagpoproseso ng mga reklamo.

Inaasahan namin na ang inyong paglalakbay ay palaging magiging maayos, ngunit kung kayo ay hindi masaya at kayo kasama ng inyong ahensya sa paglalakbay ay hindi kayang lutasin ang sitwasyon, kami ay makatutulong. Ngunit tandaan, kung ang inyong ahensya ay hindi rehistrado ng TICO, wala kaming magagawa.

Kung kayo ay magpapa-book sa isang ahensya sa paglalakbay na rehistrado ng TICO, ang TICO ay makatutulong sa proseso ng mga reklamo, makikipagkomunikasyon sa inyong ahensya sa paglalakbay at sisiguraduhin na ang mga batas sa proteksyon ng mamimili ay tunay na pinatutupad.

Kahit na hindi namin maigiit ang isang kasunduan o umakto bilang isang tagahatol (arbitrator), sisiguraduhin namin na magkakaroon kayo ng isang proseso upang makatulong na lutasin ang inyong alalahanin.

Mga Tip sa Pagpapa-book sa Paglalakbay

Tip #1

Sa tuwing magpapa-book/bibili ng mga serbisyo sa paglalakbay sa online, palaging siguraduhin na ang kumpanya na inyong kausap ay isang kumpanya sa paglalakbay na rehistrado ng TICO upang ang mga batas para sa proteksyon ng mamimili ng Ontario ay magsagawa para sa inyo.

Tip #2

Magbayad man kayo ng cash o kredit kard palaging siguraduhin na makakuha kayo ng invoice at resibo mula sa ahensya sa paglalakbay sa tuwing magpapa-book ng inyong mga serbisyo sa paglalakbay.

Tip #3

Sa tuwing bibili ng serbisyo sa paglalakbay mula sa online, alamin kung sino ang inyong binabayaran. Sino ang maniningil sa inyong kredit kard. Ito ba ang kumpanya sa online o sila ba ang magpapadala ng inyong impormasyon ng pagbabayad sa isang operator na tagapamahala o airline na maaaring HINDI nakarehistro sa TICO.

Tip #4

Bago ninyo ikumpirma ang inyong mga serbisyo sa online, siguraduhing basahin ang mga termino at mga kondisyon lalo na sa mga tumutukoy sa pagkakansela, pagbabago at ang abilidad sa pagsasauli ng ibinayad.

Tip #5

Palaging magsagawa ng pananaliksik – alamin kung ang bansa na pinaplano ninyong bisitahin ay may malaking pagkakaiba ang pamantayan sa pamumuhay kumpara sa Canada – nang sa gayun, hindi kayo magulat sa mga kondisyon ng pamumuhay o umasa ng maginhawang mga hotel, mga restawran at mga nightclub sa bawa't lugar. Maging maalam na walang sistema ng star rating para sa pang-internasyonal na hotel, na ang 4 star na hotel sa Canada ay maaaring hindi katulad ng 4 star na hotel sa bansang pinaplano ninyong bisitahin.

Tip #6

Siguraduhin na nalalaman ninyo ang mga dokumento sa paglalakbay na kakailanganin para sa bawa't isa na maglalakbay at siguraduhin na mayroon kayong sapat na panahon na matipon ang mga dokumentong ito bago dumating ang oras ng planong pag-alis.

Tip #7

Siguraduhin na nalalaman ninyo ang mga Termino at mga Kondisyon ng mga serbisyo sa paglalakbay na inyong binibili lalo na at hinggil sa pagbabago o pagkakansela.

Tip #8

Mabuting ideya ang bumili ng kanselasyon o seguro pang-medikal para sa labas ng lalawigan – lalo na kung kayo ay magtutungo sa isang dayuhang bansa. Maging Handa!!!!

Tip #9

Magtanong ng mga Katanungan: Magtanong sa pamilya, mga kaibigan at maging sa inyong ahente sa paglalakbay kung sila ay naglakbay na sa destinasyon na inyong nagugustuhan at alamin kung ano ang kanilang naranasan at kung anong mga rekomendasyon ang maibibigay nila kung maglalakbay sa destinasyong ito.

Tip #10

Huwag magpakahirap sa maliliit na mga bagay at huwag hayaan na masira ang inyong bakasyon dahil sa isang naantalang flight. Kayo ay Magsaya!



Travel Industry Council of Ontario

Travel Industry Council of Ontario

2700 Matheson Blvd. E., Suite 402, West Tower, Mississauga, ON L4W 4V9

Tel: (905) 624-6241 | Paks: (905) 624-8631 | Libreng Linya: 1-888-451-TICO

Email: tico@tico.ca | Website: www.tico.ca